Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

7i6

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG HULYO 6, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT ..... PANGALAWANG PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kagalang-galang Louie C. de Leon ..... Kagawad
Kagalang-galang Ramon D. Tan ..... Kagawad
Kagalang-galang Jun M. Asinas ..... Kagawad
Kagalang-galang Romulo A. Elca ..... Kagawad
Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat ..... Kagawad
Kagalang-galang Angelito U. Limjuco ..... Kagawad
Kagalang-galang Oscar F. Feliciano ..... Kagawad
Kagalang-galang Isagani R. Malapaya ..... Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay

DI-DUMALO

Kagalang-galang Laura P. Obligacion ..... Kagawad
Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes . Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan

## KAPASIYAHAN BLG. 130-T2009

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 48-T2008 NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BARANGAY POBLACION II NA NAGTATAKDA NG BAGONG SINGIL SA BARANGAY CLEARANCE PARA SA MGA NEGOSYO, ESTABLISIMYENTO AT SA MGA BASIC SERVICES NG BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 48-T2008 ng Sangguniang Barangay ng Poblacion II na nagtatakda ng bagong singil sa barangay clearance para sa mga negosyo, establisimyento at mga basic services ng barangay;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kapasiyahan ay napaliwat sa Lupon sa Batas at Lupon sa Pananalapi ng sangguniang ito para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKA'T,** sa isinagawang pagsusuri at pag-aaral ay nagkaroon ng pagbabalik sa naturang kapasiyahan sa barangay para sa pagtutugma sa mga kapunahan.

**SAPAGKA'T,** matapos na maibalik sa sangguniang ito at makita ang mga ginawang pagtatama at pagtutugma sa nasabing kapasiyahan ay inirekomenda ng Tagapamuno ng kaukulang lupon na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Ramon D. Tan (Tagapamuno ng Lupon sa Batas), na pinangalawahan ng Kagalang-galang Kagawad Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 48-T2008 ng Kagalang-galang Sangguniang Barangay Poblacion II na nagtatakda ng bagong singil sa barangay clearance para sa mga negosyo, establisimyento at sa mga basic services ng barangay.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan at Sangguniang Barangay Pob. II, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: Alan T. Pamatmat
**ALAN T. PAMATMAT**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan